TSPI MUTUAL BENEFIT ASSOCIATION, INC.

**PARA SA: MGA MIYEMBRO NG TSPI MBAI**

**PETSA : 07 OKTUBRE 2025**
**PAKSA : SAMBAYANIHAN PROGRAM – TSPI MBAI MEMBER'S BENEFIT PROGRAM**

Lubos kaming **nagpapasalamat sa ating Panginoon** na Siyang pinagmumulan ng lahat ng biyaya. Ang buong taon ng 2024 ay patunay na ang Kanyang gabay at katapatan ay sapat. Lagi Siyang nariyan upang magbigay ng lakas, pag-asa, at direksyon. Tunay nga Siyang matapat sa Kanyang mga pangako!

Nais din naming **iparating ang aming taos-pusong pasasalamat sa lahat ng miyembro.** Ang inyong tiwala, aktibong pakikiisa, at malasakit ang nagpatibay at nagpatuloy ng ating Sambayanihan Program. Ang bawat proyekto na naisakatuparan ay hindi magiging posible kung wala ang inyong suporta at sama-samang pagkilos. Kayo ang inspirasyon sa likod ng bawat hakbang ng TSPI MBAI.

Kasabay nito, ipinagmamalaki rin naming ibahagi na ang **Sambayanihan Program** ang nagsisilbing "**ESG (Environmental, Social, and Governance) initiative ng TSPI".** Ito ay konkretong paraan upang maisabuhay ang pananagutan sa kapaligiran, malasakit sa tao, at tamang pamamahala, alinsunod sa ating misyon na magbigay ng "holistic na pag-unlad" sa mga miyembro, kanilang pamilya at komunidad.

Ang lahat ng ito ay naisakatuparan sa **119 Sambayanihan Centers**, katuwang ang mga kawani ng **119 TSPI branches** sa **North, Central, at South Luzon.**

Higit pa rito, ang **TSPI MBAI ay kaisa ng TSPI NGO** sa ilalim ng prinsipyo ng *sama-samang responsibilidad.* Sa pamamagitan nito, naihahatid ng TSPI NGO ang **livelihood loans** bilang suporta sa kabuhayan, habang ang TSPI MBAI naman ay nagbibigay ng **insurance protection at iba pang benepisyo** sa ilalim ng Sambayanihan Program. Magkasama, mas napalalakas ang kakayahan ng mga miyembro na itaguyod ang kanilang pamilya at komunidad tungo sa mas maunlad at ligtas na pamumuhay.

**Punung-puno ng biyaya at makabuluhang karanasan ng mga nakaraang taon (2021 – 2024) para sa TSPI MBAI at sa ating mga miyembro.** Sa bawat Sambayanihan Center, ramdam ang init ng pagkakaisa, malasakit, at pananampalataya. Hindi lamang ito mga proyekto — ito ay mga kwento ng pagtutulungan, pagbabangon mula sa pagsubok, at pag-asa na ibinunga ng sama-samang pagkilos.

**Ngayong 2025 mas malalim na paglilingkod at mas malawak na pag-asa ang ating handog.** Pinanday ng ating karanasan noong mga nakaraang taon ang mas matibay na pundasyon para sa mga programang magbibigay-buhay sa ating mga pamayanan.

Higit sa lahat, **sama-sama naming hinihiling ang paggabay at pagpapala ng Diyos** upang ang lahat ng ito ay maging matagumpay at magsilbing daluyan ng Kanyang pagmamahal para sa ating mga miyembro at kanilang pamilya.

Maaaring sumangguni sa Annex A para sa Sambayanihan Program.

Sa biyaya ng Diyos at sa sama-samang pagkilos ng bawat isa, patuloy nating isasabuhay ang **TSPI Vision**: *"Makita ang mga tao na nabubuhay ng nakasentro kay Kristo, may dignidad, kasapatan, Integridad at pag – asa na ipinakikita sa pamamagitan ng pagmamahal at paglilingkod sa kanilang pamilya at pamayanan".*

**Bilang mabubuting katiwala ng iba't ibang kaloob ng Diyos,**
**gamitin ninyo sa kapakinabangan ng lahat ang kakayahang tinanggap ng bawat isa sa inyo.**
**1 Pedro 4:10**

**Sa Diyos ang kaluwalhatian!!!**

| | |
|---|---|
| **Original Signed**<br>**ALICE Z. CORDERO**<br>**President & CEO** | **Original Signed**<br>**MA. LUZ A. PLANAS**<br>**BOT CHAIRPERSON** |

**Annex A**

Sa pagdiriwang ng **ika-20 Anibersaryo ng TSPI MBAI**, ipinagmamalaki naming ibahagi na mayroon na tayong **kabuuang 20 programa** sa ilalim ng Sambayanihan Program — bilang simbolo ng dalawang dekadang paglilingkod na hitik sa malasakit, pananampalataya, at pagkakaisa.

| | | **Programa** | **Paglalarawan** |
|---|---|---|---|
| **SAMBA** | 1 | **Values Formation** | Mga Bible Studies para sa spiritual growth ng mga miyembro at *Couple's Fellowship* para sa patuloy na pangangalaga sa espirituwal na buhay ng mag-asawa. |
| | 2 | **Debosyon kay Kristo** | Isang araw na retreat para sa mga *center leaders.* |
| | 3 | **Discipleship at Leadership Training** | Paghubog sa mga lider sa komunidad tulad ng Project BLOOM (Becoming Leaders of Our Own Mission). |
| | 4 | **Project Timothy** | Pagkilala sa mga anak ng miyembro na nagtapos ng Senior High School o College at tumanggap ng akademikong karangalan |
| **BAYAN** | 5 | **Project Elisha** | Suporta sa mga anak ng miyembro na nasa elementarya sa pamamagitan ng pagbibigay ng school supplies |
| | 6 | **Project Canaan – Kasalang Bayan** | Libreng kasal na handog sa mga miyembro na nagsasama ng legal upang mabiyayaan ng sagradong pagsasama ang mga pamilya |
| | 7 | **Project Joseph** | Mga teknikal na pagsasanay sa pakikipag ugnayan sa TESDA |
| | 8 | **Project Elizabeth** | Pagbibigay-parangal sa mga ina ng tahanan |
| | 9 | **Project Abraham** | Pagpupugay sa mga ama ng pamilya |
| | 10 | **Musmos Bangong Alaga** | Pangkalahatang kalusugan at nutrisyon para sa mga anak ng miyembro |
| | 11 | **Sambayanihan Center Construction/Repair** | Ang pagpapatayo at pagpapaayos ng mga sentro para gamitin sa pagpapatupad ng mga Sambayanihan Programs |
| | 12 | **Alalay sa Kalamidad at Nasunugan** | Agarang tulong pinansyal sa mga nasalanta ng bagyo ay nasunugan |
| | 13 | **Medical Mission** | Libreng konsultasyon at gamut para sa mga miyembro at pamilya nila |
| | 14 | **Food Benefit** | Tulong sa mga pamilyang nagluluksa |
| | 15 | **Loyalty Benefit** | Dagdag benepisyo na binibigay sa mga naiwan ng mga namayapang senior citizens members na naging tapat sa TSPI |
| **ANIHAN** | 16 | **Project Lois** | Handog para sa mga matagal nang miyembro ng TSPI MBAI, bilang pagkilala sa kanilang higit sampung (10) taon ng katapatan at pagtitiwala. |
| | 17 | **Gulayan Program** | Pagbibigay ng punla at training sa wastong pagtatanim para sa dagdag-kabuhayan at food security |
| | 18 | **Project Amos** | Teknikal na pagsasanay sa mga miyembrong magsasaka |
| | 19 | **Livelihood & Technical Training Program** | Pagsasanay para sa dagdag-kabuhayan |
| | 20 | **Isang Puso, Isang Puno** | Tree planting activity |

**Programa na Naisagawa Taong 2024**

| | Programa | Benepisyaryo | Lugar ng Kaganapan |
|---|---|---|---|
| SAMBA | Values Formation | 6,554 | Lahat ng sangay ng TSPI |
| | Debosyon kay Kristo | 65 | Manaoag |
| | Discipleship at Leadership Training | 102 | Tondo, Batangas |
| BAYAN | Project Elisha (Pamimigay ng School Supplies) | 445 | Tondo, Balaoan, |
| | Project Canaan (Kasalan Bayan) | 16 | Antipolo |
| | Musmos Bangong Alaga | 70 | Gapan, Polangui, Sariaya, Tayabas, Candelaria |
| | Sambayanihan Center Construction/Repair | 20 | Las Piñas, Lingayen, Uminggan, Rosario, Laoag, Balaoan, Lucena |
| | Alalay sa Kalamidad at Sunog | 2,820 | 97 SCs matatagpuan sa Quezon Province, NCR, Batangas, Laguna, Cavite, Antipolo, La Union and Ilocos Sur |
| | Medical Mission | 1,313 | Bugallon, Vigan |
| | Food Benefit | 854 | Lahat ng sangay ng TSPI |
| | Loyalty Benefit | 32 | Lahat ng sangay ng TSPI |
| | Gulayan Program | 460 | Tondo, Ligao, Bolinao, Goa , Moncada, Dagupan |
| | Livelihood & Technical Training Program | 125 | Tondo, Unisan |
| | Isang Puso, Isang Puno | 311 | Ligao, Marikina Water Shed |

**Programa na Naisagawa sa Taong Kasalukuyan (2025)**

| | Programa | Benepisyaryo | Lugar ng Kaganapan |
|---|---|---|---|
| SAMBA | Values Formation | 7,509 | Lahat ng sangay ng TSPI |
| | Debosyon kay Kristo | 1,529 | 67 SCs |
| | Discipleship at Leadership Training | 826 | 39 SCs |
| | Project Timothy | 20 | 20 SCs |
| BAYAN | Project Elisha (Pamimigay ng School Supplies) | 709 | 24 SCs |
| | Project Elizabeth | 2,252 | 95 SCs |
| | Project Abraham | 142 | 69 SCs |
| | Alalay sa Kalamidad at Sunog | 12 | Dasol, Iriga, Lingayen, Nasugbu, Palayan, Alicia, Dagupan, Tagkawayan |
| | Medical Mission | 600 | Sariaya, Tayabas, Lucena |
| | Food Benefit | 427 | Lahat ng sangay ng TSPI |
| | Loyalty Benefit | 12 | Lahat ng sangay ng TSPI |
| | Sambayanihan Gulayan | 1,539 | 62 SCs |
| | Isang Puso, Isang Puno | 500 | Marikina Water Shed |

SC – Sambayanihan Centers na matatagpuan sa iba't ibang lugar sa Luzon kung saan nag-ooperate ang TSPI.